## TUNGKOL SA EDITOR

Nagtapos si **MJ Rafal** ng AB History at MA Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas kung saan din siya nagtuturo ng mga asignaturang Filipino, Panitikan, Malikhaing Pagsulat, at Pagsasalin. Siya rin ang kasalukuyang punong patnugot ng *Entrada*, ang pampanitikang dyornal ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat ng PUP katuwang ang Opisina ng Publikasyong Pampananaliksik. Tinipon at inedit niya ang *PYLON: Isangdaa't Labing Isang Tula ng mga Makata sa PUP*. Nailathala na sa iba't ibang mga antolohiya at publikasyon ang kanyang mga tula, kuwento, sanaysay, pananaliksik, at mga salin; nagawaran na rin ang mga ito ng mga pagkilala mula sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), Maningning Miclat Art Foundation, Inc. (MMAFI), Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas (SWF-UP) at Propesyunal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS). Nanunungkulan siya ngayon bilang NCR Representative para sa National Committee on Literary Arts (NCLA) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) para sa taong 2023 hanggang 2025. Kasapi siya ng KM64 Writers Collective at Concerned Artists of the Philippines. Binubuno niya ngayon ang programang PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.